COVID-19
Mga Katotohanan sa Bakuna

MGA DAHILAN PARA MAGPABAKUNA SA COVID-19?

- Ang bakuna ay binabawasan ang iyong panganib ng labis na pagkakasakit mula sa COVID-19, mauwi sa pagkakahospital, o pagkamatay. Pinabababa rin nito ang iyong panganib sa pagkakaroon ng mahabang COVID (long-COVID).
- Kailangan mo **ang lahat ng inirerekomendang dosis** para makuha ang pinakamahusay na proteksyon. Kabilang dito ang isang **binagong (bivalent) pampalakas na bakuna** para sa lahat ng 6 na buwan pataas*. Kunin ang iyong binagong pampalakas na bakuna kung hindi bababa sa 2 buwan ang nakalipas simula noong iyong huling dosis sa COVID-19. Ito ay hindi alintana kung gaano karaming orihinal (monovalent) na dosis ng pampalakas na bakuna at kung anong (mga) uri ng bakuna ang nakuha mo sa nakaraan. * Ang dosis ng pampalakas na bakuna ay hindi awtorisado para sa mga batang may edad na 6 na buwan - 4 na taong gulang na nakatapos na ng pangunahing serye ng Pfizer.



SINO ANG PWEDENG MAGPABAKUNA?

Sinuman edad 6 na buwan pataas

- Ang bakuna sa COVID-19 ay **libre** para sa lahat - kahit na wala kang seguro (insurance).
- Hindi ka tatanungin tungkol sa iyong katayuan sa imigrasyon.
- Ang mga bakuna ay inirerekomenda para sa lahat, kabilang ang mga taong nagdadalang-tao o nagpapasuso, at mga taong nagkaroon na ng COVID-19.

MGA BAKUNANG INIREREKOMENDA PARA SA COVID-19

Moderna

Edad 6 na buwan pataas: 2 pangunahing dosis dagdag pa ang binagong pampalakas na bakuna ng Pfizer o Moderna*

* 6 na buwan – 4 na taong gulang ay makakakuha lamang ng pampalakas na bakuna ng Moderna

Novavax

Edad 12 taong gulang+: 2 pangunahing dosis dagdag pa ang binagong pampalakas na bakuna ng Pfizer o Moderna

Tingnan ang ph.lacounty.gov/covidvaccineschedules para sa mas marami pang impormasyon.

Kung ikaw ay may **nakompromisong imyunidad maaaring mangailangan ka ng mga karagdagang dosis** – makipag-usap sa iyong doktor.

Alternatibo: Ang bakunang Johnson & Johnson at Novavax na pampalakas na bakuna ay maaaring gamitin para sa mga taong 18+ sa ilang mga sitwasyon.

Pfizer

Edad 6 na buwan – 4 na taong gulang: 3 pangunahing dosis (ang ika-3 dosis ay binagong dosis na bivalent)

Edad 5 taong gulang+: 2 pangunahing dosis dagdag pa ang binagong pampalakas na bakuna ng Pfizer o Moderna^

^ 5 taong gulang ay makakakuha lamang ng pampalakas na bakuna ng Pfizer



VaccinateLACounty.com
(Tagalog/Filipino)

County of Los Angeles Public Health

12-15-22

COVID-19
Mga Katotohanan sa Bakuna

PAANO MAKAKAKUHA NG BAKUNA

May daan-daang mga lugar (sites) sa buong LA County – marami ay bukas kapag Sabado at Linggo (weekend) at gabi at hindi na kailangan ng tipanan (appointment).



Para makahanap ng lokasyon sa inyong lugar:

- Bisitahin ang ph.lacounty.gov/howtogetvaccinated o tawagan ang **1-833-540-0473**, 8 ng umaga hanggang 8:30 ng gabi.
- Maaari mo ring tawagan ang 2-1-1 o tanungin ang iyong doktor o lokal na parmasyutiko.
- May magagamit na libreng transportasyon at pagpapabakuna sa bahay

Ang mga menor-de-edad ay kailangan ng pahintulot mula sa kanilang magulang o legal na tagapag-alaga para mabakunahan.

ANO ANG MGA EPEKTO (SIDE-EFFECTS)?

- Ang pangkaraniwang mga epekto ay kinabibilangan ng pananakit, pamamaga at pamumula kung saan ibinigay ang bakuna, pananakit ng kalamnan o kasu-kasuan, namamagang mga kulani, lagnat, panginginig dahil sa ginaw, sakit ng ulo, at pakiramdam ng pagkapagod. Ang mga epekto sa mga bata ay kinabibilangan rin ng pag-iyak, pagiging maselan, pagka-antok, at kawalan ng gana kumain.
- Ang mga epekto ay palatandaan na ang sistema ng iyong imyunidad ay **bumubuo ng proteksyon**. Maaari nitong maapektuhan ang iyong kakayahan na gumawa ng ilang pang-araw-araw na aktibidad ngunit dapat na mawala rin sa loob ng isa o dalawang araw pagkatapos mabakunahan.
- Ang mga malulubhang epekto ay bibihira.

PAANO NAMAN ANG TUNGKOL SA KALIGTASAN (SAFETY)?

- Hindi ka makakakuha ng COVID-19 mula sa bakuna. Wala sa mga bakuna ang naglalaman ng virus na nagsasanhi ng COVID-19.
- Ang mga bakuna ay sinubukan sa libo-libong tao, kabilang ang mga tao na iba-iba ang lahi, mga mas nakatatanda, at mga taong may mga medikal na kondisyon, at napag-alaman na **ligtas at epektibo.**
- Simula noong Disyembre 2020, **daan-daang milyong tao** ang ligtas nang nakatanggap ng bakuna sa COVID-19.
- Ang mga bakuna sa COVID-19 ay patuloy na dumaraan sa **pinaka-masinsinang pagsusubaybay sa kaligtasan** sa kasaysayan ng Amerika (US).
- Walang ebidensya na ang pagbabakuna sa COVID-19 ay nagsasanhi ng mga problema sa pagkakaroon ng anak (fertility). Ligtas ang mga ito sa mga nagdadalang-tao at inirerekomenda ng mga eksperto sa pagdadalang-tao.